

**WALA AKONG sakop para sa kalusugan.  
Paano ako makakakuha ng pangangalagang  
pangkalusugan NGAYON?**

- ◆ **Healthy Way LA (HWLA)**—Ito ay isang libreng programa na maaari kayong mag-apply ngayon. Alamin pa [www.ladhs.org/hwla](http://www.ladhs.org/hwla) o tumawag sa 1-877-333-4952.
- ◆ **Medi-Cal**—Sa ngayon, ito ay isang programa para sa mga bata at magulang, buntis na kababaihan, matanda at mga taong may kapansanan. Kung akma sa iyo ang isa sa mga kategoryang ito maaari kang mag-apply ngayon para sa Medi-Cal. Tumawag sa 1-877-597-4777 o pumunta sa [dpss.lacounty.gov/dpss/health](http://dpss.lacounty.gov/dpss/health)
- ◆ **Programang ng L.A. Care para sa Malusog na mga Bata**—Ito ay murang insurance sa kalusugan para sa mga bata na hanggang edad 5 na hindi kwalipikado para sa ibang mga programa dahil sa pagkamamamayan, paninirahan o ang kita ng kanilang pamilya ay masyadong mataas. Pumunta sa [www.lacare.org/potentialmembers/healthprograms/healthy-kids](http://www.lacare.org/potentialmembers/healthprograms/healthy-kids) o tumawag sa 1-888-452-2273.
- ◆ **Ang Family PACT**—ay nagbibigay ng libreng pagpapalano ng pamilya at pampigil sa pagbubuntis sa mga babae at lalaking mababa ang kita. Pumunta sa [www.familypact.org](http://www.familypact.org) o tumawag sa 1-800-942-1054.

**LIBRENG MAG-APPLY SA MGA PROGRAMANG ITO!**

**Paano kung hindi ako karapat-dapat para sa anuman sa mga programang ito?**

- ◆ **Ang mga Klinikang Pangkalusugan ng County at Komunidad** ay narito para tumulong NGAYON at sa 2014. Ang mga residente sa County ng Los Angeles na hindi maaaring maging nasa ibang mga programa dahil sa pagkamamamayan, paninirahan, edad o ibang mga kadahilanan ay maaaring maghanap ng klinika na malapit sa kanila sa: [www.ladhs.org/wps/portal/clinicsearch](http://www.ladhs.org/wps/portal/clinicsearch).

**MAYROON NA AKONG sakop para sa kalusugan.  
Paano makakaapekto sa akin ang Reporma sa  
Kalusugan (Health Reform)?**

- ◆ **Mayroon akong Medi-Cal.** Maaari ninyong mapanatili ang inyong Medi-Cal na insurance para sa kalusugan. Alamin pa sa: [dpss.lacounty.gov/dpss/health](http://dpss.lacounty.gov/dpss/health) o tumawag sa 1-877-597-4777.
- ◆ **Mayroon akong Medicare.** Maaari ninyong mapanatili ang inyong Medicare. Maaaring mapababa ng batas ng reporma sa kalusugan ang halaga ng inyong gamot. Hindi ninyo kailangan magbayad para sa pangangalagang pang-iwas sa sakit tulad ng mga pagsusuri sa kanser, bakuna, bakuna para sa trangkaso, at pagpapatingin nang walang sakit. Alamin pa sa: [www.medicare.gov](http://www.medicare.gov) o tumawag sa 1-800-633-4227.
- ◆ **Mayroon akong insurance sa pamamagitan ng aking trabaho.** Maaari ninyong mapanatili ang inyong insurance para sa kalusugan. Hindi pinapabago ng batas ng kalusugan sa mga employer ang inyong insurance. Alamin pa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa inyong planong pangkalusugan o employer.
- ◆ **Bumili ako ng sarili kong insurance sa kalusugan.** Maaari ka pa rin bumili ng sarili ninyong insurance. Simula sa Oktubre maaari kayong bumili ng murang insurance sa kalusugan sa pamamagitan ng Covered California (ang pagsakop ay magsisimula sa Enero 1, 2014). Pumunta sa [www.coveredca.com](http://www.coveredca.com) o tumawag sa 1-888-975-1142.

**Paano kung mayroong akong Healthy Way LA (HWLA)?**

- ◆ Sa Enero 1, 2014 ang Healthy Way LA ay magiging Medi-Cal. Makakakuha kayo ng email sa lalong madaling panahon na nagpapaliwanag sa pagbabago. Alamin pa [www.ladhs.org/hwla](http://www.ladhs.org/hwla) o tumawag sa 1-877-333-4952.

# Ang Reporma sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Reform) at IKAW...



## KAILANGAN PA RIN NG TULONG?

Tawagan ang Neighborhood Legal Services Health Consumer Center: 1-800-896-3202

HR2013\_TAG



## Wala akong insurance.

## Ano ang mga bagong opsyon para sa akin sa 2014?

### Ano ang Reporma sa Pangangalagang Pangkalusugan?

- ◆ Ito'y isang pederal na batas na nagsimula noong 2010. Binabago nito kung paano nakakakuha ang ilang mga tao ng pangangalagang pangkalusugan sa Estados Unidos
- ◆ Tinatawag din itong ang Batas ng Abot-Kayang Pangangalaga (Affordable Care Act) o Obamacare

### Ano ang nagbago?

- ◆ Kailangan isama ng insurance ng kalusugan ang pagpapatingin at ang karamihan sa pangangalaga na pang-iwas sa sakit NANG LIBRE
- ◆ Ang mga kabataan ay maaaring manatili sa insurance sa kalusugan ng kanilang magulang hanggang sila ay 26 na taong gulang.
- ◆ Hindi maaaring kanselahin ng mga kumpanya ng insurance ang inyong insurance sa kalusugan kung kayo ay magkakasakit.
- ◆ Hindi maaaring tanggihan ng mga kumpanya ng insurance ang mga bata dahil sila ay may sakit ngayon o nagkasakit dati.
- ◆ Ang mga kumpanya ng insurance ay dapat gugulin ang 80% ng inyong pera sa pangangalagang pangkalusugan o ibalik ang inyong pera.

### Anong mga pagbabago ang mangyayari sa Enero 1, 2014?

- ◆ Mga BAGONG paraan para makakuha ang mga tao ng LIBRE o MURANG insurance sa kalusugan.
- ◆ Ang karamihan ng mga tao ay dapat magkaroon ng insurance sa kalusugan o kung hindi magbabayad sila ng multa.
- ◆ Hindi maaaring tanggihan ng mga kumpanya ng insurance ang sinuman ng pangangalaga dahil sila ay may sakit ngayon o nagkasakit dati.
- ◆ Hindi kayo maaaring singilin ng karagdangang pera o limitahan kung magkano ang kanilang ibabayad dahil kayo ay may sakit.
- ◆ Ang dating kabataan sa bahay-ampunan na nagkaroon ng Medi-Cal sa edad na 18 ay magiging karapat-dapat para sa Medi-Cal hanggang sa edad na 26.

**MEDI-CAL:** Programa ng California sa Medicaid—para sa mga taong mababa ang kita. Sa kasalukuyan ang Medi-Cal ay medikal na insurance para sa mga bata, magulang, buntis na kababaihan, matanda, at mga taong may kapansanan na mababa ang kita.

### Ano ang magbabago?

- ◆ **Enero 1, 2014:** Mas maraming mga tao ang makakakuha ng Medi-Cal. Magiging mas mataas ang limitasyon ng kita, at ang mga nasa hustong gulang na walang mga anak ay maaaring mag-apply! (Tingnan ang tsart sa ibaba.)

### Para sa akin ba ito?

- ◆ Alamin! Tumawag sa Healthy Way LA (HWLA) para makita kung maari kayong mag-apply ngayon. Puntahan ang [www.ladhs.org/hwla](http://www.ladhs.org/hwla) o llame al **1-877-333-4952**.









**COVERED CALIFORNIA:** Isang online na bilihan kung saan maaaring bumili ang mga tao ng insurance sa kalusugan at malaman kung sila ay kwalipikado para sa pinansyal na tulong para gawing mas abot-kaya ang insurance. Bumili nang online o sa pamamagitan ng telepono.

### Kailan ito magsisimula?

- ◆ **Oktubre 2013:** Ang bukas na pagpapatala ay mula Oktubre 1, 2013 hanggang Marso 31, 2014. Magpatala bago ang ika-15 ng Disyembre para magkaroon ng insurance sa kalusugan simula Enero 1, 2014!

### Para sa akin ba ito?

- ◆ Alamin sa: [www.coveredca.com](http://www.coveredca.com) o tumawag sa **1-888-975-1142**.

Kung kayo ay* ...		Sa 2014, maaari kayong maging kwalipikado para sa...
	Isang indibiduwal na kumikita ng mas mababa sa \$15,856	Medi-Cal, isang libreng programa ng pamahalaan.
	Isang indibiduwal na kumikita ng \$15,856 hanggang \$28,725	Tulong sa pagbabayad ng mga mula sa bulsang halaga katulad ng mga ibinabawas at mga kabahagi sa binabayaran (co-pay) at maibabawas sa buwis (subsidiya) na magpapababa sa inyong buwanang hulog (premium).**
	Isang indibiduwal na kumikita ng \$28,725 hanggang \$45,960	Isang maibabawas (tax credit) sa buwis na magpapababa sa halaga ng inyong buwanang hulog (premium).**
	Isang indibiduwal na kumikita ng mahigit sa \$45,960	Hindi kayo kwalipikado para sa tulong ng pamahalaan, nguni't maaari pa rin kayo bumili ng insurance sa pamamagitan ng Covered California.
	Isang pamilya na binubuo ng apat na miyembro na kumikita ng mas mababa sa \$32,499	Medi-Cal, isang libreng programa ng pamahalaan.
	Isang pamilya na binubuo ng apat na miyembro na kumikita ng \$32,499 hanggang \$58,875	Tulong sa pagbabayad ng mga mula sa bulsang halaga katulad ng mga ibinabawas at mga kabahagi sa binabayaran (co-pay) at maibabawas sa buwis (subsidiya) na magpapababa sa inyong buwanang hulog (premium).**
	Isang pamilya na binubuo ng apat na miyembro na kumikita ng \$58,875 hanggang \$94,200	Isang maibabawas sa buwis (tax credit) na magpapababa sa halaga ng inyong buwanang hulog (premium).**
	Isang pamilya ng binubuo ng apat na miyembro na kumikita ng mahigit sa \$94,200	Hindi kayo kwalipikado para sa tulong ng pamahalaan, nguni't maaari pa rin kayo bumili ng insurance sa pamamagitan ng Covered California.

\*Ang mga antas ng kita ay batay sa taong 2013.

\*\*Dapat kayong magpatala sa pamamagitan ng Covered California para maging karapat-dapat para sa maibabawas sa buwis (tax credit)

### Hindi sigurado kung saan kayo kwalipikado?

Tumawag sa Neighborhood Legal Services Health Consumer Center: **1-800-896-3202**

**LIBRENG MAG-APPLY—HUWAG MAGBAYAD SA ISANG TAO PARA TULUNGAN KAYO!**